



Mga Katanungang Madalas Itanong

Mga Pangkalahatang Katanungan

1. Ano ang Strong Fund ng County ng San Mateo?

Ang Strong Fund ng San Mateo (SMC Strong) ay itinatag ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo noong Marso 24, 2020 para tulungan ang mga indibidwal, mga pamilya, mga non-profit at mga maliliit na negosyo na naapektuhan ng silakbo ng COVID-19.

2. Paano ako makakapagbigay ng donasyon sa pondo?

Ang mga donasyon ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng pagpunta sa www.SMCSTRONG.org. Ang mga donasyon ay tinatanggap sa pamamagitan ng PayPal at credit card.

3. Ang lahat ba ng mga pondo ay maipapamahagi sa County ng San Mateo?

Oo. Lahat ng mga donasyon ay pupunta para tumulong sa mga residente ng County ng San Mateo, mga non-profit na tumutulong sa mga residente ng County at mga maliliit na mga negosyo na matatagpuan sa County ng San Mateo.

4. Nagbigay ba ng abuloy ang County ng San Mateo sa SMC Strong Fund?

Oo. Ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo ay nag-apruba ng isang \$3 milyon na kontribusyon ng Panukalang Batas K na mga pondo sa SMC Strong Fund noong Marso 24, 2020.

5. Paano pinangangasiwaan ang pondo?

Ang Strong Fund ng County ng San Mateo ay pinangangasiwaan ng Silicon Valley Community Foundation. Ang Foundation ay nagpapabayad ng 1% na bayad ng pangangasiwa, isang pinababa na bayad mula sa kanilang karaniwang 5% na bayad sa pangangasiwa.

6. Ang mga kontribusyon na ay nagbabawas sa buwis?

Ang lahat ng mga kontribusyon sa pondo ay tinatrato bilang mga regalo sa isang pampublikong kawanggawa at ay karaniwang binabawas sa buwis, at nasasailalim sa indibidwal na mga limitasyon. Inirerekumenda namin ang kumunsulta sa isang propesyonal sa buwis kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa pagbabawas ng iyong regalo sa pondo.

7. Sino ang magpapasya kung paano naipapamahagi ang mga pondo?

Ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ay mag-aaprubang isang plano ng distribusyon para sa bawat tumatanggap ng grupo, mga indibidwal at mga pamilya, mga non-profit at maliliit na mga negosyo na naapektuhan ng COVID-19.

8. Paano masisigurado ng mga nagbibigay ng donasyon na ang kanilang mga kontribusyon ay nakakatulong sa mga taong nangangailangan, mga non-profit o maliliit na mga negosyo na naapektuhan ng COVID?

Tulad ng naitala sa itaas, ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ay nag-aaprubang mga plano ng distribusyon para sa lahat ng mga kontribusyon sa SMC Strong. Halimbawa, ang mga plano ay nangangailangan sa mga non-profit na tumatanggap na mag-ulat kung paano ginagastos ang mga iginawad kasama ang bilang ng mga tao na natulungan at kung paano ginamit ang mga pondo na iginawad para sa mga gastos sa pagpapatakbo. Ang impormasyon na ito ay iuulat pabalik sa Lupon sa buwanang batayan. Tingnan ang mga detalye sa tulong para sa mga indibidwal at mga pamilya sa ibaba na kasama ang mga kinakailangan na dokumentasyon para sa kita at pangangailangan kasama ng mga bayad para sa mga gastos sa mga nagtitinda, hindi mga bayad na pera sa mga aplikante. Ang mga detalye sa programa ng distribusyon sa maliliit na negosyo ay ginagawa pa rin sa ngayon, ngunit ang parehong uri ng mga hakbang sa pag-iwas sa pandaraya ay isasama sa programang ding iyon.

Ang mga Tulong para sa mga Indibidwal at mga Pamilya na Apektado ng COVID

1. Paano ipapamahagi ang mga pondo sa mga indibidwal at mga pamilya?

Ang mga pondo para tumulong sa mga indibidwal at mga pamilya na naapektuhan ng COVID-19 ay ipapamahagi, batay sa pagkakuwalipikado at pagkakaroon ng pagpopondo, sa pamamagitan ng programa ng Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong na pinangangasiwaan ng Samaritan House sa pakikipagtulungan ng walong mga Ahensiya ng Pangunahing mga Serbisyo na matatagpuan sa buong county. Ang mga residente ng County ng San Mateo na interesado sa pag-akses sa mga serbisyo, kasama ang pag-aplay ng pang-emerhensiya na pinansyal ng tulong, ay maaaring tumawag sa kanilang lokal na Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo. Ang kontak na impormasyon para sa mga Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo ay matatagpuan sa:

<https://hsa.smcgov.org/emergency-safety-net-assistance-core-service-agencies>

2. Anong uri ng tulong ang ibibigay?

Ang COVID-19 Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong ay maaaring gamitin para ibayad sa sumusunod na mga pang-emerhensiya na pangangailangan:

- Tulong sa pabahay tulad ng mga deposito, upa o kabayaran sa mortgage
- Mga utang o mga deposito sa utility
- Tulong sa transportasyon tulad ng pagpapaayos ng kotse, rehistro ng sasakyan o iba pang pangangailangan sa transportasyon

- Iba pang mga pangunahing pangangailangan, tulad ng mga medikal na gastos, na tinutukoy batay sa bawat kaso

3. Ano ang mga kinakailangan para maging kuwalipikado para sa programa ng COVID na pang-emerhensiya na pinansyal na tulong?

Para maging kuwalipikado para sa COVID-19 na pang-emerhensiya na pinansyal na tulong, ang isang indibidwal o sambahayan ay dapat matugunan ang lahat ng mga sumusunod na mga pamantayan at magbigay ng hinihiling na dokumentasyon tungkol sa kanilang sambahayan na pinansyal at pabahay na sitwasyon para maisaalang-alang para sa magagamit na pagpopondo:

- Maging isang residente ng County ng San Mateo; at
- Ipakita sa pamamagitan ng mga paystub, mga account sa bangko at/o iba pang mga dokumento ang kita ng sambahayan sa loob ng huling 30 na araw sa o ibaba ng threshold ng pagkakuwalipikado sa kita, na sa kasalukuyan ay nasa 60% ng Area Median Income. (Tandaan: ang partikular na threshold ng kita ay maaaring mabago, habang nagbabago ang COVID-19 na sitwasyon/tugon); at

Laki ng Sambahayan (# ng mga tao)	1	2	3	4	5	6	7	8
Limitasyon ng Kita	\$67,740	\$77,400	\$87,060	\$96,720	\$104,460	\$112,200	\$119,940	\$127,680

- Ipakita na ang paghihirap sa pinansyal ay nagresulta mula sa COVID-19 tulad ng patunay ng pagkawala o pagbaba ng kita; at
- Ipakita ang pinansyal na pangangailangan tulad ng isang sulat para sa hindi nabayarang upa mula sa may-ari, hindi nabayarang utility o mga medikal na bayarin, mga emerhensiya na pagpapaayos ng kotse o rehistro ng sasakyan na kung hindi matutugunan ay maglilikha ng paghihirap para sa sambahayan; at
- Kakayahan na mapanatili ang pabahay o magkaroon ng isang plano para mapanatili ang pabahay na matutukoy batay sa kaso.

4. May mga kinakailangan ba sa pagkakuwalipikado na may kaugnayan sa pagkamamamayan o kalagayan ng dokumentasyon?

Wala. Lahat ng mga residente na makatutugon sa mga kinakailangan sa pagkakuwalipikado, hindi alintana ang pagkamamamayan o kalagayan ng dokumentasyon ay maaaring mag-aplay para sa COVID-19 na Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong.

5. Saan ako pupunta para mag-aplay para sa COVID na Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong?

Tumawag o bumisita sa iyong pinakamalapit na Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo (ang pagtawag ay mas pinipili sa panahon ngayon dahil sa panlipunang pagdistansya). Tingnan ang listahan sa link sa ibaba para matagpuan ang Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo na naglilingkod sa iyong lugar ng County.

<https://hsa.smcgov.org/emergency-safety-net-assistance-core-service-agencies>

6. Ano ang mangyayari kung humiling ako ng pinansyal na tulong sa pamamagitan ng programa ng COVID na Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong?

Kapag iyong tinawagan ang iyong lokal na Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo, ang kawani roon ay magtatanong ng impormasyon tungkol sa iyong sambahayan at ang iyong kasalukuyang sitwasyon (kasama ang kita, pinansyal na mga mapagkukunan, at pabahay). Kung ang iyong sambahayan ay maaaring kuwalipikado, ang kawani ng Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo ay magbibigay sa iyo ng impormasyon sa proseso ng aplikasyon, kasama ang pagbibigay ng iba't ibang mga dokumento para sa beripikasyon (na may kaugnayan sa kita at pinansyal na mga mapagkukunan, pagtatrabaho, sitwasyon sa pabahay, atbp.). Kapag lahat ng mga hiniling na impormasyon at mga dokumento ay naisumite, susuriin ng kawani ng Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo at Samaritan House at maaaring magtanong ng karagdagang mga impormasyon o dokumentasyon. Ang kawani ng Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo ay makikipag-ugnay sa iyo tungkol sa resulta ng iyong aplikasyon at kung ang tulong ay maaaring ibigay, batay sa mga pamantayan sa pagkakuwalipikado at ang magagamit na pagpopondo, dahil ang pagpopondo ay limitado.

7. Gaano kalaking pera ang magagamit sa pamamagitan ng programa ng COVID na Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong?

Ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ay nagdirekta ng \$1 milyon ng kanilang kontribusyon sa SMC Strong para sa programa ng COVID-19 na Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong. Kung karagdagang mga donasyon ang matatanggap mula sa pribadong mga nagbibigay, mga kawanggawa na pundasyon o iba pang mga mapagkukunan, ang halaga na ito ay tataas.

8. Magkano ang matatanggap ng bawat aplikante mula sa Pondo ng COVID-19 na Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong?

Para sa mga aplikante na kuwalipikado, makatanggap man sila ng tulong o hindi at kung makatanggap man sila, ang halaga ng tulong na kanilang matatanggap, ay magdedepende sa mga salik tulad ng kanilang kita sa sambahayan, mga mapagkukunan, at pangangailangan at ang magagamit na pagpopondo, dahil ang pagpopondo ay limitado.

9. Para sa mga kliyente na kuwalipikado at natukoy na sila ay makakatanggap ng tulong, matatanggap ba nila ang tulong bilang pera?

Hindi. Ang Programa ng Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong ay magdidirekta sa mga kabayaran sa pangalan ng mga naaprubahan na mga aplikante. Halimbawa, ang isang naaprubahan ng bahagyang bayad sa upa ay ididirekta sa may-ari ng ari-arian o ang bayad para sa pang-emerhensiya at kinakailangan na mga pag-aayos sa kotse ay gagawin nang direkta sa talyer.

10. Paano kung kailangan ko ng tulong sa ibang mga pangangailangan tulad ng mga groseri o tulong para mag-aplay para sa walang trabaho?

Para sa mga tanong tungkol sa mga mapagkukunan ng pagkain at paano makakuha ng pagkain at mga programa ng tulong sa groseri, tawagan ang linya ng Koneksyon ng Pagkain ng Second Harvest ng Silicon Valley sa 800-984-3663.

Maaari mong malaman ang karagdagan tungkol sa walang trabaho na insyurans at maaaring mag-aplay online sa <https://www.edd.ca.gov/unemployment/>

Maaari mo ring makontak ang Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo na naglilingkod sa iyong lugar dahil sila ay nagbibigay ng iba't ibang mga serbisyo kasama na ang mga mapagkukunan ng pagkain, tulong para mag-aplay para sa mga mapagkukunan tulad ng CalFresh at iba pa, at mga sanggunian para sa mga serbisyo para sa walang tirahan. Kung kailangan mo ng tulong na hindi maibibigay ng direkta ng Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo, gagawin nila ang lahat ng makakaya para ikonekta ka sa mga lokal na ahensiya at mga organisasyon na makatutugon sa iyong mga pangangailangan. Ang isang link sa mga Ahensiya ng Pangunahing mga Serbisyo ang nasa ibaba.

<https://hsa.smcgov.org/emergency-safety-net-assistance-core-service-agencies>

Tulong sa Operasyon para sa mga Non-Profit na Organisasyon

1. Bakit nagbibigay ng tulong sa operasyon ang SMC Strong Fund sa mga non-profit na organisasyon?

Dahil ang manatili sa tahanan na utos ng county ay inilabas noong Marso 16, 2020, lahat ng mga uri ng non-profit na mga organisasyon sa buong County ng San Mateo ay nakaranas ng isang pagkabawas sa mga nagboluntaryo na bumubuo nang malaking porsiyento ng kanilang manggagawa, isang tumaas na pangangailangan ng teknolohiya tulad ng mga laptop at akses sa VPN kasama na ang mga panlinis at pandisimpekta na mga suplay para maprotektahan ang kalusugan ng parehong kliyente at kawani at pati na rin ang pagkawala ng kita dahil sa nakanselang mga kaganapan sa pagkuha ng pondo. Lahat ng mga non-profit sa county ay apektado ng COVID-19. Ang mga epekto ay sumasaklaw mula sa pagtigil ng mga operasyon hanggang sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mas marami at potensyal na mas maraming mga kuwalipikadong mga residente.

2. Nagbigay ba ng prayoridad ang County kung paano ipapamahagi ang tulong para sa mga non-profit?

Oo, mula sa \$3 milyon na kontribusyon ng County sa SMC Strong Fund, ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ay nagbigay ng \$1 milyon sa Ahensiya ng Pangunahing Serbisyo para magpatakbo, mapangasiwaan at mag-ulat sa Programa sa COVID-19 na Pang-emerhensiya na Pinansyal na Tulong. Para sa unang ikot ng pagpopondo, ang Lupon ay nagdidirekta rin ng karagdagang mga pondo sa mga ahensiya na nagbibigay ng silungan para sa ating mga residente na walang tirahan.

3. Magkakaroon ba ng karagdagang mga ikot ng pagpopondo para sa mga non-profit na organisasyon?

Ang karagdagang pagpopondo para sa mga non-profit na ahensiya ay magdedepende sa mga kontribusyon sa SMC Strong Fund. Ang mga kawani ay naghahanda ng isang inirerekumendang plano sa distribusyon batay sa mga survey ng mga non-profit na may isang pagtuon sa mga ahensiya na nagbibigay ng suporta sa ating pinakamadaling maapektuhan na mga residente, ang mga may napakababang mga kita, mga nakatatanda, mga taong mga kapansanan, at mga taong nakararanas ng pagkawala ng tirahan.

4. Maaari bang mag-aplay ngayon ang isang non-profit na organisasyon para sa mga ikot ng pagpopondo sa hinaharap?

Hindi. Ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ang magtutukoy sa mga prayoridad para sa anumang mga pag-ikot ng pagpopondo sa hinaharap sa kanilang Abril 7, 2020 na pagpupulong. Ang prayoridad ay ibibigay sa mga ahensiya na magbibigay ng direktang mga serbisyo para sa mga pinakamadaling maapektuhan na mga residente, mga ahensiya na nakapagtibay ng pagpopondo at pag-uulat na relasyon sa County at mga ahensiya na maaaring makagamit sa mga pondo ng County para sa mga pangako mula sa iba pang mga magbibigay ng pondo.

Tulong para sa Maliliit na mga Negosyo

1. Paano ipapamahagi ang mga SMC Strong fund sa mga maliliit na negosyo?

Ang San Mateo County Economic Development Association (SAMCEDA) ay itinalaga ng County bilang ang mangunguna para sa mga mapagkukunan ng mga negosyo sa panahon ng COVID-19 na pandemya, at gumagawa ng isang inirerekumendang proseso ng distribusyon para sa programa ng tulong sa maliliit na negosyo. Para magawa ang prosesong ito, ang SAMCEDA ay nakikipagtulungan sa mga kámara ng komersiyo, kombensyon at mga kagawaran ng panauhin, mga non-profit, at mga iba pang stakeholder sa buong County para i-survey ang lokal na maliliit na mga negosyo at mga taga-empleyo tungkol sa gaano nakakaapekto ang COVID=19 sa kanilang mga operasyon at kung anong suporta ang pinakakinakailangan nila sa panandalian - (sagutan ang survey rito). Ang inirerekumenda na proseso para sa mga distribusyon sa ilalim ng programa ng tulong para sa maliliit na negosyo ay iipresenta sa Lupon ng mga Tagapangasiwa sa kanilang pagpupulong sa Abril 7, 2020.

2. Maaari bang mag-aplay muli ang isang maliit na negosyo o magpalista na ngayon?

Hindi. Ang proseso ng aplikasyon ay bubuksan pagkatapos maaprubahan ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ang plano para sa mga distribusyon sa ilalim ng plano ng tulong para sa maliliit na negosyo. Ang mga interesado na negosyo ay dapat na kumpletuhin ang SAMCEDA survey at sumunod sa SAMCEDA website sa <https://www.samceda.org/COVID-19-Resource-Links-Business> para sa mga update sa plano at mga link sa mga mapagkukunan ng negosyo na may kaugnayan sa COVID-19.

3. Paano ako at/o aking mga empleyado makakakuha ng tulong sa pag-aplay para sa walang trabaho?

Maaari malaman ng mga empleyado ang karagdagan tungkol sa walang trabaho na insyurans at paano mag-aplay online sa <https://www.edd.ca.gov/unemployment/>

4. Paano ko maaaring mas malaman ang tungkol sa Batas ng Pederal na Stimulus o iba pang mga Estado at mga Pederal na programa para sa mga maliliit na negosyo?

MGA PEDERAL NA LINK:

- [Programa sa Proteksyon ng Suweldo na mga FAQ para sa Maliliit na mga Negosyo](#)
- [Administrasyon ng Maliliit na Negosyo \(SBA\): Coronavirus \(COVID-19\): Mga Mapagkukunan ng Gabay at Utang ng Maliliit na Negosyo](#)
- [Administrasyon ng Maliliit na Negosyo \(SBA\): Aplikasyon para sa Utang dahil sa Pinsala sa Ekonomiya ng COVID-19](#)
- [Sentro sa Pananaliksik para sa Ekonomiya at Polisiya \(CEPR\): Pederal na Stimulus na FAQ](#)

MGA LINK NG ESTADO:

- [Tanggapan ng Negosyo at Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Gobernador \(GO-Biz\): Coronavirus 2019](#)
- [SBDC California ng Amerika: COVID-19 – Ang Pinakabagong Balita at mga Mapagkukunan para sa Iyong Negosyo](#)
- [Tulong sa Coronavirus, Tulong, at Seguridad ng Ekonomiya na Batas \(Cal OES\)](#)

SAN MATEO COUNTY ECONOMIC DEVELOPMENT ASSOCIATION (SAMCEDA):

- [Mga Mapagkukunan ng Negosyo](#)
- [Pinansyal na Tulong](#)
- [Hanapin ang iyong Lokal na Kamara](#)
- [Sagutan ang Aming Survey para sa Maliliit na Negosyo](#)